



Ikatlong Labas • Ika- 17 ng Abril, 2020

MALAYUANG PAG- AARAL PARA SA MGA MAGULANG

KAGAWARAN NG EDUKASYON NG CALIFORNIA

Isang Liham mula sa Kagawaran ng Edukasyon

Mga Magulang,

Kada linggo, ang newsletter na ito ay nakatuon sa iba't ibang paksa o tema at magbibigay ng impormasyon at tulong sa mga magulang sa nasabing tema. Sa linggong ito, ang paksa o tema ay multilingual education o ang pagtuturo sa mga mag-aaral mula sa kindergarten hanggang ika-12 grado, na nais matuto ng ibang wika.

Alalahanin na kahit hindi naka-enrol ang inyong anak sa dual language program, ay maganda para sa kanilang kinabukasan ang matutunan ang salita ng kanilang mga magulang. Ang building literacy sa sariling wika ay mayroong malaking tulong sa pagbuo ng English literacy.



Mga Bagong Inpormasyon

Marka at Pagtatapos (Graduwasyon)

Ang mga lokal na distrito ang magpapasiya ng distant learning policies tungkol sa pagtatapos ng mga mag-aaral. Inirerekomenda na ang pagbibigay ng grado/marka (grading policies) na dapat ay pantay-pantay at hindi makakaapekto ng hindi maganda sa mga mag-aaral. Makakabuti na tingnan ang CDE FAQ on Grading and Graduation Requirement para sa karagdagang inpormasyon.

<https://www.cde.ca.gov/ls/he/hn/gradgraduationfaq.asp>

Sa pagbibigay ng grado/marka ay nararapat na bigyan ng konsiderasyon ang iba't-ibang grupo ng mga mag-aaral tulad ng mga bago pa lamang nag-aaral ng Ingles, mga walang pirmihang tahanan, mga ampon at ang mga walang direktang magagamit na materyales para sa teknolohiya. Anumang pagbabago sa mga pamamaraan ng pag-aaral para sa mga estudyanteng may kapansanan ay nararapat na ayon sa Individualized Education Program (IEP).


Maaaring ang isang klase ay maging credit/no credit, pass/fail, or a modified A-D. Ang unibersidad ay maaaring tumanggap ng credit/no credit na marka sa halip na marka para sa lahat ng kurso, kasama na ang A-G, para sa winter/spring/summer para sa lahat ng estudyante sa taong 2020.

Inaasahan na ang mga school districts ay gagawa ng mga paraan para makumpleto ng mga mag-aaral ang kailangan para sa kanilang pagtatapos sa pamamagitan ng distant learning. Tungkol sa iba pang inpormasyon hinggil dito ay maaaring pumunta sa CDE Graduation Requirements web page <https://www.cde.ca.gov/ci/gs/hs/hsgtable.asp>.

Maaaring makipag-ugnayan sa mga guro ng inyong anak o mag-aaral tungkol sa iba pang katanungan hinggil sa mga marka at pagtatapos.

Mga Maagang Tulong Hinggil sa California Coronavirus

Kasama sa Early Edge California Coronavirus Resources for Families ay ang pagbibigay ng mga inpormasyon tungkol sa may bayad na bakasyon sa mga pamilya, mga paraan kung paano pag-uusapan ang coronavirus sa tahanan kasama ng mga bata, mga paraan ng paghuhugas ng kamay at ang mga nararapat na gawin ng mga



mag-aaral habang sila ay nasa bahay. <https://earlyedgecalifornia.org/coronavirus-resources-for-families/>

Sama-sama ang mga taga -California para sa Coronavirus

Ang mga Californian ay magkakasamang nagtutulungan para sa isang web page na kung saan ay mayroong mga inpormasyon tungkol sa coronavirus at ang mga kinakailangang pangangalaga, pagkain ng mga mag-aaral, mga pangkalusugan sa isip at katawan. <https://www.californianstogether.org/crisis-del-coronavirus-recursos-para-familias/>

California Association for Bilingual Education (CABE) Facebook Group

Halina at sumali sa CABE Bilingual Resources Facebook Group <https://www.facebook.com/groups/CABEResources/> na kung saan ang mga magulang at mga guro ay maaaring magkaroon ng pagkakataon na makapag-usap, magpahayag ng saloobin, magpalitan ng kuro-kuro tungkol sa distance learning.

Mga Mapagkukunan ng Tulong Lingo-linggo

Inpormasyon Tungkol sa School Lunch o Tanghalian

Parents Puwede pa ring kumuha ang mga magulang ng school lunches sa panahon ng COVID-19. Hindi kailangan na kasama ang bata para kumuha ng pagkain. Mayroong pagbabago. Gamitin lamang ang “CA Meals for Kids” mobile app para malaman kung saan puwedeng kumuha ng pagkain o kaya ay kontakin ang school district para sa mga bagong inpormasyon. Ang ibang school district ay nagbibigay din ng home delivery o puwedeng ihatid sa bahay ang pagkain.

Kailangan lamang na kontakin ng mga magulang ang paaralan o eskwela para malaman. News Release: CA Meals for Kids App Update <https://www.cde.ca.gov/nr/ne/yr20/yr20rel14.asp>

Paraan ng Pagkuha ng Internet

Kung walang internet access sa bahay, mayroong mga kompanya na nag-aalok ng kanilang serbisyo sa mga ganitong pamilya. Kontakin ang mga kumpanyang nakalista at makipag-usap: <https://www.cde.ca.gov/ls/he/hn/availableinternetplans.asp>



Mga Mapagkukuhanan ng Inpormasyon para sa Pag-aaral sa Tahanan

Narito ang listahan ng ilang mga libre at rekomendadong aralin para sa mga bata na magagamit sa tahanan.

Mga Tulong sa Elementaryang Espanol

Magkaisa para sa Kaalamang Bumasa at Sumulat
Ang website na ito ay maraming mga aklat o libro na may mga larawan at ang teksto ay Ingles at Espanyol. Mayroon din na read-aloud mula sa maraming mapagpipilian ng iba pang mga lenguahe o salita, para sa mga mabilis at mahinang magbasa.

<https://www.uniteforliteracy.com/>

Lectura Interactiva

Ang website na ito ay mayroong mga kuwento sa Espanyol at mayroon kasamang mga tanong sa bawat kuwento

<https://bit.ly/LecturaInt>

Pangalawang Mapagkukuhanan ng Tulong ng Espanyol

PBS Learning Media

Ang website na ito ay mapagkukunan ng tulong sa Espanyol para sa mga mababang mag-aaral, mula sa kindergarten hanggang sa ika-12 grado. Maraming iba't-ibang klase ng tulong ang maaaring magamit tulad ng sa matematika, agham (science), araling panlipunan (social studies) at panitikan.

<https://bit.ly/PBSLearningResources>

Newsela en Español

Ang website na ito ay mapagkukunan din ng mga artikulo at balita sa Espanyol na naaakop sa kakayahang magbasa ng bata.

<https://bit.ly/NewselaEsp>



Mga Tulong na Magagamit sa iba't-ibang Salita (Lenguahe)

Duolingo

Ito ay isang libreng gamit sa pag-aaral at maaring makuha sa iba't-ibang salita tulad ng Spanish, Vietamese, Chinese, Korean, Russian, French, German, Italian, Portuguese, Japanese, Arabic, English at iba pa.

<https://www.duolingo.com/>

Storybook Canada

Ang website na ito ay nagbabahagi ng mga kuwento mula sa Africa at mayroong text at audio sa maramihang lenguahe tulad ng Spanish, Chinese, Korean, Tagalog, Arabic, Urdu, English at iba pa.

<https://www.storybookscanada.ca/>

Covibook

Makikita sa website na ito ang mga larawan kung paano matutulungan ang mga batang eskuwela. Puwedeng magamit ito sa mga salitang English, Spanish, Arabic, Chinese at iba pang lenguahe.

<https://bit.ly/CoviBookKids>

Para sa Social Media at Email

Para sa mga susunod pang inpormasyon at mga tulong, sundan lamang ang CDE English Learner Support Division sa Twitter [@MultilingualCA](https://twitter.com/MultilingualCA)

Para maka-subscribe sa English Learner Updates Listserv, maari kayong magpadala ng blankong email sa join-english-learner-updates@mlist.cde.gov